# Matapos ang iyong screening mammogram, ano ang susunod?

## Binabati kita sa pagsailalim sa mahalagang pangkalusugang tsek-up na ito!

Ang iyong mga film ay babasahin ng dalawang radiologist. Sisikaping maipadala ang iyong mga resulta sa loob ng dalawang linggo sa pamamagitan ng koreo o elektroniko. Ipadadala rin ang isang kopya nito sa iyong hinirang na GP maliban kung may hiniling kang iba. Sa pagpapahintulot mo, ang mga resulta ng iyong mammogram ay ilalagay sa iyong My Health Record.
Kung ikaw ay may anumang mga alalahanin, maaari mong bisitahin ang aming website na www.breastscreen.health.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 9323 6700 o sa libreng numero na 1800 800 033 .

## Paano kung kailangan kong ulitin ang X-ray?

Paminsan-minsan, ang radiologist ay hihiling na ulitin ang X-ray kung ang lumabas na larawan ay hindi gaanong malinaw. Kung kailangan ito, tatanggap ka ng tawag sa telepono o liham na hihilingan kang bumalik. Ang mga pag-ulit na ito ng X-ray ay isasagawa sa klinika para sa screening.

## Paano kung kailangan ko pa ng karagdagang mga X-ray sa suso?

Halos 1 sa 20 kababaihan ang hihilingang bumalik para sa karagdagang mga X-ray sa suso. Ang mga X-ray na ito ay tututok sa bahagi ng suso na kailangang suriin pa nang mas madetalye. Kung ito ay kailangan, tatawagan ka ng BreastScreen WA upang magtakda ng appointment.

## Mga kababaihang naninirahan sa metropolitang lugar

Sa metropolitang lugar, ang karagdagang mga X-ray ay isinasagawa sa isa sa mga Breast Assessment Centre ng BreastScreen WA, na nasa mga ospital ng Fiona Stanley, Royal Perth at Sir Charles Gairdner. Kadalasan, ipinapakita sa karagdagang mga X-ray na walang problema. May maliit na bilang ng kababaihan ang mangangailangan ng ilang karagdagang pagsusuri, katulad ng ultrasound o biopsy.
Ang mga pagsusuring ito ay isinasagawa sa parehong araw na isinasagawa ang karagdagang mga X-ray.

## Mga kababaihang naninirahan sa kanayunan ng WA

Para sa mga kababaihang nasa kanayunan, ang karagdagang mga X-ray ay isinasagawa sa mobile service. Tatawagan ka ng BreastScreen WA upang ipaalam sa iyo kung may kakailanganing anumang karagdagang mga pagsusuri.
Mayroong permanenteng panrehiyong serbisyo ng screening at pagtasa sa Bunbury South West Health Campus.

## Mahalagang tandaan na karamihan sa mga kababaihang sumasailalim sa karagdagang mga pagsusuri ay walang kanser

Lahat ng mga kababaihan na kailangan ang karagdagang mga pagsusuri ay makapipili na sila ay direktang isangguni sa isa sa aming mga Breast Assessment Centre, o magpatingin sa kanilang GP. Lahat ng mga resulta sa mga Breast Assessment Centre ay makukuha sa oras ng appointment, maliban sa mga resulta ng biopsy na maaaring makuha makalipas ang 24 na oras.
Para sa ilang kababaihang may kanser, ang maagang pagkatuklas ay magpapalaki sa tsansa na magtagumpay ang paggamot. Kadalasan, ang mga maliliit na kanser sa suso ay magagamot sa pamamagitan ng hindi gaanong malaking operasyon kaysa sa kinakailangan para sa malalaking mga kanser.

## Ipapakita ba sa mammogram ang lahat ng mga kanser sa suso?

Ang mga screening mammogram ay maaaring makatuklas ng 70-90% ng mga kanser sa suso. Gayunpaman, may maliit na bilang ng mga kanser na hindi maaaring makita sa mammogram. May tsansa na hindi makikita ng mammogram ang isang pagbabago na sanhi ng kanser sa suso (false negative), o karagdagang mga pagsusuri na isasagawa upang suriin ang isang pagbabago na hindi sanhi ng kanser sa suso (false positive).
Kung may mapapansin kang anumang pagbabago sa iyong mga suso katulad ng mga bukol, tumatagas na utong, o patuloy na bagong pananakit ng suso, mangyaring magpatingin kaagad sa iyong GP, kahit na walang ipinakitang mga palatandaan ng kanser sa suso sa huli mong mammogram. Ang hindi masamang mga pagbabago, katulad ng mga cyst, ay madalas na nakikita sa mammogram ngunit sasabihin lamang sa iyo kung kailangan ang karagdagang mga pagsusuri.

## Ang ang susunod na mangyayari?

Padadalhan ka ng sulat ng BreastScreen WA kapag panahon na para sa susunod mong mammogram. Kung hindi mo natanggap ang liham sa anumang dahilan, mangyaring tawagan kami sa 13 20 50* at mag-aayos kami ng appointment para sa iyo.

Ang mga mammogram na naisagawa sa iyo sa programa ay maingat na itatabi para maihambing sa mga pag-screen ng suso sa hinaharap.

Ang mga kababaihang may edad na 75 anyos at higit pa ay hindi tatanggap ng paalalang liham, ngunit sila ay maaaring mag-book ng appointment sa online o sa telepono 13 20 50*.

Kung magbabago ang iyong address, mangyaring tumelepono sa 13 20 50* at ipagbigay-alam sa amin.

Para sa isang interpreter, mangyaring tumawag sa 13 14 50

(*sa halaga ng isang lokal na tawag)

## Ano pa ang dapat kong gawin?

**Ang mga kababaihang 50 anyos o higit pa, ay maaaring magpa-screen nang LIBRE tuwing dalawang taon.**

- Kung ikaw ay regular na nagpapa-screen, anumang kanser sa suso na matutuklasan ay malamang na nasa maagang yugto pa lamang.
- Nasa pagitan ng 1–5% lamang ng mga kababaihan ang maaaring mangailangan ng taunang screening mammogram depende sa kahalagahan ng kasaysayan ng kanser sa suso ng kanilang pamilya.
- Kung ikaw ay nagka-kanser na dati sa suso, mahalagang magpatingin sa iyong GP para sa regular na follow-up, at magpa-screening mammogram bawat taon.

**Maging maalam sa iyong suso**

- Magkaroon ng kamalayan tungkol sa iyong mga suso at kung ano ang normal para sa iyo. Tingnan ang iyong mga suso sa salamin at salatin ang mga ito paminsan-minsan.
- Magpatingin kaagad sa iyong GP kung may napansin kang anumang di-karaniwang mga pagbabago sa iyong mga suso.
- Tanungin ang iyong GP tungkol sa kalusugan ng suso sa susunod mong pagpapatingin.

**Kabilang sa mga pagbabago na hindi dapat ipagwalang-bahala:**

1. bukol, pamumukol o pangangapal sa suso o kilikili;
2. mga pagbabago sa utong katulad ng pagbabaligtad nito, bagong pagtagas mula sa utong, makati o nagnanaknak na balat;
3. mga pagbabago sa balat katulad ng pagkakaroon ng biloy, pangungunot o pamumula;
4. kakaiba ang nadarama sa isang bahagi ng suso kaysa sa ibang bahagi;
5. bagong patuloy na pananakit ng suso.

## Mayroon ka bang anumang mga tanong?

Kontakin ang iyong GP o tumawag sa: BreastScreen WA sa 13 20 50 para sa mga appointment o (08) 9323 6700 para sa impormasyon o 1800 800 033 na libreng numerong matatawagan ng kababaihang nasa kanayunan

Email: breastscreenwa@health.wa.gov.au

National Relay Service www.relayservice.gov.au

Translating and Interpreting Service (TIS) 13 14 50

**May karagdagang impormasyon sa iyong wika na makukuha sa website ng BreastScreen WA:**
www.breastscreen.health.wa.gov.au/Breast-screening/Multicultural-women

BreastScreen AUSTRALIA
A joint Australian, State and Territory Government Program

BEAT BREAST CANCER
HAVE A FREE X-RAY
RING: 13 20 50

LIKE US ON facebook

MAY 2020